

Mahal na Komunidad,

Inilabas ni Gobernador Newsom kaninang umaga ang panukalang badyet sa Rebisyon sa Mayo. Ang buong detalye ay makukuha mula sa Department of Finance sa seksyong “Rebisyon sa Mayo” na “Buod” sa gitna ng [pahina sa Badyet ng California](#). Inaasahan ng Department of Finance ang dalawang taong depisit sa badyet na \$16 na bilyon. Ang mga kita ng estado ay hindi magiging sapat upang ganap na masaklaw ang nakaplanong paggasta sa susunod na ilang taon. Ang mga pagtatantiya sa kung gaano karaming pera ang dadalhin ng Estado ay naaapektuhan ng mga kawalan ng katiyakan sa taripa, pagbabagu-bago ng stock market, at ang naantalang paghahain ng mga buwis para sa humigit-kumulang 40 porsyento ng mga nagbabayad ng buwis sa California na naapektuhan ng mga wildfire sa unang bahagi ng taong ito.

Ano ang nabago para sa Department?

Noong Enero, iminungkahi ng Gobernador ang \$3.2 bilyong pagtaas para sa Department sa susunod na taon ng pananalapi. Inaasahan pa rin sa Rebisyon sa Mayo ang halos \$3 bilyon sa paglago para sa susunod na taon ng pananalapi, para sa kabuuang \$18.7 bilyon. Inaasahan namin ang karagdagang 39,000 indibidwal na makakatanggap ng mga serbisyo ng regional center sa susunod na taon. Nangangahulugan ito na ang mga regional center ay maglilingkod sa 491,000 sa karaniwang buwan. Ito ay napakalaking paglago, katumbas ng pagdaragdag ng isang may katamtamang laking regional center sa isang taon.

Sa mas kaunting pumapasok na kita, ang paggasta ng estado ay kailangang mabawasan. Ang Rebisyon sa Mayo ay may ilang pagbawas sa gastos na panandaliang at sa hinaharap, at ilang maliliit na investment. Ang mga ito ay nakalista sa dulo ng mensaheng ito. Ang Rebisyon sa Mayo ay isang panukalang badyet. Ang mga negosasyon sa Lehislatura ay magaganap bago maisapinal ang badyet. Ang ilang mungkahi ay nangangailangan din ng mga pagbabago sa batas.

Mapalad tayo na ang mga pagbawas sa paggasta na ito ay nagpoprotekta sa karapatan sa mga serbisyo at suporta sa ilalim ng karapatan sa Lanterman Act, pagkatapos magamit ang ibang mga mapagkukunan ng mga serbisyo at suporta. Ang Rebisyon sa Mayo ay nagpapanatili rin ng mga serbisyo sa mga bata. Ang mga serbisyo sa maagang bahagi ng buhay ay may malaking pagbabago sa buhay ng isang tao. Mayroong maliit na investment sa Life Outcomes Improvement System, na kinikilala na ang wastong imprastraktura ay kinakailangan upang epektibo at mahusay na patuloy na mag-alok ng mga programa at serbisyo sa pamamagitan ng mga katuwang ng ating regional center, mga tagapagkaloob ng serbisyo at mga programang pinamamahalaan ng estado.

May mga karagdagang mungkahi sa Rebisyon sa Mayo na makakaapekto sa mga indibidwal at pamilya. May mga mungkahing makakaapekto sa mga Sumusuportang Serbisyo sa Tahanan, Medi-Cal, at iba pang mga programa. Ang mga paglalarawan ng mga karagdagang mungkahing ito ay makikita sa mga kabanata ng publikasyon ng Department of Finance sa unang talata sa itaas.

Salamat sa pagpapatuloy ng iyong trabaho upang isulong ang mga resulta para sa mga mamamayan ng California. Marami pa ring magagandang bagay na dapat gawin nang magkasama.

-Pete

Mga Solusyon sa Badyet

- Ang tinantiyang pagtitipid na \$867.2 milyon na Pangkalahatang Pondo mula 2022-23 at 2023-24 ay nagpapababa sa depisit ng Pangkalahatang Pondo.
- Binabawasan ng ibang mga solusyon sa badyet ang inaasahang paggasta para sa taon ng badyet ng humigit-kumulang \$123.7 milyon mula sa Pangkalahatang Pondo.
Kabilang dito ang:
 - \$75 milyon (isang beses) upang wakasan ang reporma sa rate na patakaran sa paglimita ng pananagutan simula Marso 1, 2026, sa halip na Hunyo 30, 2026.
 - \$22.5 milyon (\$45.5 milyon na nagpapatuloy) para sa mga bagong guardrail na nagpoprotekta sa pagpapanatili ng Self-Determination Program.
 - \$17.6 milyon (\$36.8 milyon na nagpapatuloy) para alisin ang Direct Services Professional Workforce Training and Development, na hindi pa naipapatupad. Ito rin ay kilala bilang "DSP University".
 - \$5.6 milyon ang nagpapatuloy upang maalís ang isang pag-refresh ng pagsasanay sa nakapaloob na pagkiling sa regional center.
 - \$3 milyon ang nagpapatuloy para alisin ang tulong sa aplikasyon sa waiver para sa kalusugan at kaligtasan, bagama't nananatili ang kakayahang humiling ng mga waiver na ito.
 - Public Records Act – Mga Pagsasaayos (\$819,000) sa Kinakailangan sa Regional Center (AB 1147): Pagbawas ng 6 na posisyon kumpara sa panukalang badyet sa Enero, na sumasalamín sa muling pagsusuri sa pamamaraan ng pagsunod. Ang Department ay patuloy na magbibigay ng legal na suporta at pagsasanay sa mga regional center.
- Kasama sa mga solusyon sa badyet simula 2026-27 ang:
 - Nangangailangan ng pagsunod sa Elektronikong Beripikasyon sa Pagbisita, taunang pag-audit, at mga panuntunan sa Serbisyong Nakabatay sa Tahanan at Komunidad bilang kondisyon ng pagiging karapat-dapat para makuha ang bahagi ng kalidad ng insentibo ng mga modelo ng rate ng reporma sa rate.
 - Ang pagbawas ng Porterville Developmental Center sa nagpapatuloy na \$10 milyon, na sumasalamín sa mga naipon ayon sa kasaysayan.

Mga Investment

- Life Outcomes Improvement System (LOIS) na may kabuuang \$13.3 milyon na pondo: Kasama ang isang taong limitadong panahon na mapagkukunan na katumbas ng 17 posisyon sa Department, at mga mapagkukunan para sa mga regional center upang ipagpatuloy ang yugto ng pagpapalano ng proyekto.
- Federal Access Rule na may kabuuang \$1.9 na milyon na pondo: Kasama ang isang taon na limitadong termino na mga mapagkukunan na katumbas ng 9 na posisyon upang suportahan ang dumaming trabaho na nauugnay sa pagsunod sa bagong pederal na kinakailangan sa Home at Community-Based Access Rule.
- Pagkuha ng kawani para sa Health and Safety Investigations at Due Process Caseload na may kabuuang \$1.4 milyon na pondo para sa 2025-26: May kasamang 9 na permanenteng posisyon at \$2.0 milyon sa 2026-27 at patuloy na sumusuporta sa dumaming trabaho na nauugnay sa mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan, tulad ng tumataas na mga apela at mga reklamo sa trabaho.

- Suporta ng Clinical Monitoring Team para sa Specialized Community Homes na may kabuuang \$680,000 na pondo: May kasamang 4 na permanenteng posisyon upang suportahan ang pagpapaunlad at pagsubaybay sa mga espesyal na tahanan at serbisyo sa komunidad.
- Tumaas na Reimbursement at Pagbawi ng Ginastos na may \$1.3 milyon sa kabuuang pondo at \$1.1 milyon na Pangkalahatang Pondo: May kasamang 5 permanenteng posisyon at nakakontratang suporta sa consultant upang galugarin ang mga opsyon at makakuha ng bayad mula sa pampubliko at pribadong mga tagaseguro ng kalusugan para sa mga serbisyong binili ng mga regional center sa ngalan ng mga karapat-dapat na indibidwal.